Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
Municipality of Roxas

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 29 HULYO 1996, IKA-9:05 NG UMAGA SA BARANGAY HALL NG PACLASAN, ROXAS, SILANGANG MINDORO.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Jesus M. Dimapilis - Tagapangulo
Kagawad Cesar T. Baticos -
Kagawad Ferdinand V. Talens
Kagawad Angeles D. Bautista
Kagawad Ramil O. Dimapilis
Kagawad Jesus S. Dela Cruz
Kagawad Manolito C. Bernal
Kagawad Juanito A. Bacay, Jr.
Kagawad Honesto O. Taytay
Kagawad Eduardo G. Villamin - ABC President
Kagawad Randy P. Valencia - SK Chairman

Absent:

W A L A

KAPASYAHAN BLG. 075
Taong 1996

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG PASASALAMAT, SA SANGGUNIANG BARANGAY NG PACLASAN, ROXAS, SILANGANG MINDORO AT SA MGA MAMAMAYAN NITO SA MAAYOS NA PAGTANGGAP SA SANGGUNIANG BAYAN AT STAFF SA PAGPUPULONG NA GINANAP SA NASABING BARANGAY.

SAPAGKA'T ang Sangguniang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro, minsan sa isang buwan ay nagdaraos ng kanilang sesyon sa mga barangay;

SAPAGKA'T ang ikawalong pagpupulong na ito sa barangay ay ginanap sa Barangay Paclasan, Hulyo 29, 1996;

SAPAGKA'T ang nabanggit na pulong ay dinaluhan ng Sangguniang Barangay ng Paclasan at ng mga mamamayang nagnanais na maging makabuluhan ang pulong sa pamamagitan na rin ng pakikipag-dayalogo sa Sangguniang Bayan;

SAPAGKA'T ang maayos na pagtanggap at pagbibigay ng panahon ng pamunuang barangay ng Paclasan at ng mga mamamayan nito sa Sangguniang Bayan sa ~~idinaos~~ na pulong ay isang pagpapakilala ng malawak na kaisipan sa mga gawaing pampamahalaan at pangkaunlaran kung saan ang bawa't mamamayan, namumuno man o tagasunod ay may bahaging ginagampanan;

SAPAGKA'T ang Sangguniang Bayang ito ay lubusang nagpapasalamat sa maayos na pagtanggap ng pamayanan ng Paclasan sa bumubuo ng Sangguniang Bayan at ng Staff nito sa ginawang pagpupulong ngayong Hulyo 29, 1996.

DAHIL DITO, sa mungkahi ni Kagawad Ranulfo C. Bernal na sinang-ayunan ng lahat -

IPINASYA, tulad ng pagpapasyang ito na ipaabot sa Sangguniang Barangay ng Paclasan at sa mga mamamayan nito ang taospusong pasasalamat sa maayos na pagtanggap sa Sangguniang Bayan at Staff nito sa paggugulong na ginanap ngayong Hulyo 29, 1996.

IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa Sangguniang Barangay ng Paclasan, Roxas, Silangang Mindoro sa pamamagitan ni Kgg. Leo Cusi, Punong Barangay para sa kanilang kaalaman at sanggunian.

Pinagtibay: 29 Hulyo 1996.

- -

PINATUTUNAYAN-KO ang pagiging wasto ng kapasyahang ito.

VIOLETA P. FUENTES
Kalihim ng Sangguniang Bayan

SAKSI:

JESUS M. DIMAPILIS
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

GELACIO I. YASON
Punong Bayan

mers/